

# PROLOGUE

*Basilan July 2008*

“Mga anong oras kita babalikan diyan, Xenaki?” nakangising tudyo ng isa sa mga mistah at kapwa rock climber ni Fernando.

“Give me about...” Sinipat muna niya ang height at terrain ng i-scale na surface para matantya kung gaano niya katagal maaabot ang itaas niyon, “one hour.”

“Hus! Almost...” Ito man ay tumingala para i-approximate ang height niyon, “... two hundred feet ’yan, one hour lang?”

“To see is to believe, di ba?” mayabang niyang sagot.

“Magkano?” hamon nito ng pustahan.

“Sampung libo.” Walang kakurap-kurap siyang nagbigay ng presyo.

“Call!” Hindi rin ito nag-alangan at inabot pa sa kanya ang kamay bilang simbolo ng pagsasara ng kanilang deal.

“Isang oras,” paalala niya.

“Oo na,” tango nito. Pagkatapos, bigla itong parang nag-alala. “Sigurado ka na gusto mong magpaiwan mag-isa? Baka maging target shooting ka ng mga kaibigan natin.”

Mga rebelde ang tinutukoy nito.

Hindi kasi popular na lugar iyon kung hindi sa kanilang mga sundalo at sa mga rebelde. Siyempre, paanong makikilala ang bundok na iyon, nasa bayan iyon ng mga *Abu Sayyaf* sa Basilan? Mabuti na lang—kung may mabuti man sa sitwasyon—doon siya naka-assign bilang sniper sa ilalim ng Special Forces ng *Philippine Army* at naka-assign sa Western Mindanao Command. Bihira siyang makahanap ng puwedeng akyating bundok kung hindi pa siya lalayo either sa Apo Island o sa Palawan. Puwede din naman sa Mount Apo sa border ng Cotabato at Davao. Pero iyon pa rin, hindi siya maaaring lumayo.

“Kaya nga isang oras lang, balikan mo na ako.” Pabirong itinulak na ito palayo ni Fernando.

“Sinabi mo.” Sumakay na itong muli sa jeep. “Ingat! Hindi din ako gaanong lalayo, just in case. Magsindi ka ng flare kung kaya mo pa.”

Kumaway siya bilang paalam nang magmaniobra ito paalis. Nang maiwan siya roon, muli niyang in-adust ang suot na shades para tingalain ang taas ng kanyang aakyatin.

*Forty minutes, kasama ang pag-rapel pababa*, bulong niya sa sarili. The wall of rock looked easy enough.

Kinuha niya mula sa paanan ang harness at saka maingat na isinuot iyon sa magkabilang binti at baywang. Ibinuhol niya ang isang dulo ng rope cable para ikabit doon. Ilang pirasong

carabiners, spring-loaded cams, nuts, anchors, quickdraws, isang maliit na martilyong bakal at isang pouch ng chalk dust ang isinabit niya sa gear loops.

Nang masiguradong handa na siya, dumukot si Fernando ng isang kamaong chalk dust para ma-absorb niyon ang pawis sa mga kamay at hindi siya madulas sa pagkapit sa bato. Pinagpag niya ang excess na pulbos bago kumapit sa pinakamababang crevice na kanyang maaabot at saka tumapak sa maliit na ledge. Muscles rippling on his arms and back, hinila niya ang sarili pataas... nang pataas... nang pataas.

Sa ilang pulgadang taas, kung saan may crevice na malakilaki para tumuntong, naglabas siya ng isang anchor. Ibinaon niya iyon sa bato at saka siya gumawa ng sistema ng hex, cams, slings at quickdraws para makabitan ng karugtong ng nakatali na sa kanyang rope cable. Inuulit niya ang gayon kada ilang pulgada para makasigurong hindi siya derechong babagsak sa lupa kung sakaling makabitaw o madulas siya. Isa pa, kailangan niya ang mga iyon para sa pagra-rapel niya pababa.

Nang marating niya ang tuktok, saglit niyang hinayaan ang sariling bumitin habang hinahangaan ang ganda ng view. Kumikinang sa araw ang pawisan niyang mga balikat, namumutok ang maskulado niyang mga bisig at binti habang sinusuportahan ang sariling bigat. Naiisip niyang kung hindi lang sana kuta ng mga rebelde ang Basilan, puwede mong isiping paraiso ito from where he was admiring the view.

Pagkapahinga, ni-release niya ang catch ng belaying device ng descender at saka unti-unting nag-rapel pabalik sa lupa. Inilabas ni Fernando mula sa iniwang bag ang isang maliit na tuwalya at saka nagpunas ng katawang basa sa pawis. Pagkatapos magpalit ng shirt, kinuha niya ang tumbler ng tubig at uminom ng ilang lagok, saka niya inumpisahang iligpit ang mga kagamitan.

Nakaupo na siya at nagpapahangin na lang nang balikan siya roon ng naghatid sa kanya. Tumingin siya sa relo pagbaba nito ng jeep. Sampung minuto pa bago matapos ang isang oras na palugit nila.

“Pakshet ka, Bombi,” umiiling na salubong nito. “Ayoko nang makipagpustahan sa iyo.”

“Ikaw lang naman ang makulit,” kubit-balikat niya.

“Ang hirap kaya ng bundok na ’yan!” Panay pa rin ang iling nito na tila hindi talaga makapaniwala.

“Siguro para sa iyo.” Inilagay niya ang huling gamit sa lalagyan at isinara iyon. He smiled one of his rare smiles pagharap niya rito.

“Puwede ba pagdalaw na lang natin ng Zamboanga saka kita bayaran?” Napakamot tuloy ito ng ulo. “Magwi-withdraw pa ako, eh.”

“Wag na, Bok.” Binuhat niya ang backpack para maisakay sa likuran ng owner. “Di mo naman kailangang seryosohin ’yung

*Fernando - Edith Joaquin*

---

pustahan natin. Buti sana kung tulad ng suweldo ng clerk sa multi-national company ang suweldo natin. May pamilya ka pang binubuhay. Ilibre mo na lang ako ng inihaw na saging at *Coke* sa kung saan puwedeng bumili sa madadaanan.”

Tumawa ito nang malakas. “Sige, call!”

Walong tuhog ng inihaw na saba at isang litrong *Coke* ang binili nito. Naubos nilang pareho iyon bago makabalik sa barracks.